**SO WHAT** *What is the relevance of the Word to my life?*

- Sino ang tinitingnan mo pagdating sa paglalaan? Ano ang pangako ng Diyos sa iyo (Filipos 4:19)?
- Sa paggamit ng Diyos sa biyuda upang maglaan para kay Elias, ano ang sinasabi nito sa atin (1 Corinto 1:27)? Gaano ka naniniwalang gagamitin ka ng Diyos upang maging pagpapala sa panahong ito? Sa anong mga paraan?
- Galing sa kwento, ano ang kahalagahan ng kakayahan ng biyuda? Ano ang dapat nating maging posisyon sa pagbibigay (2 Corinto 8:12)?

**NOW WHAT** *How do I apply the Word to my life?*

- Sa larangan ng pagbibigay at pagtitiwala para sa paglalaan ng Diyos, anong mga pag-iisip ang mayroon ka na sa tingin mo'y dapat magbago? Anong mga katotohanan sa Bibliya ang makakapagpabago nito?
- Papaano sa tingin mo ay kalooban ng Diyos na ikaw ay maging pagpapala sa ngayon? Sinu-sino ang maaari mong matulungan?
- Sino ang mapapalakas mo ng loob ngayong linggo tungkol sa kanilang mga kalagayan na hindi sila iiwanan at tatalikuran ng Diyos?

## PRAYER

- Maniwala na sa pagbigay natin galing sa kung ano ang mayroon tayo, papalaguin ito ng Diyos at gagamitin sa Kanyang ikaluluwalhati.
- Hilingin sa Diyos na bigyan tayo ng kakayahang gumaling sa pagbibigay.
- Ipanalangin ang mga kakilala mong dumaranas ng kahirapan at nangangailangan ng kasagutan at pagbabago.

VICTORY

**Honor God. Make Disciples.**

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO

UNLIMITED
YOU CAN'T HELP BUT WONDER

# Ang Harina at ang Langis

Week 2

**NOTES**

## CONNECT

- Noong bata ka pa, kanino ka tumatakbo kapag kinakapos ka sa pera? Bakit?
- Napunta ka na ba sa isang mahirap na sitwasyon at wala kang magawa? Papaano mo ito nalampasan?
- Ano ang pinaka kinakatakot mo na problemang pananalapi?

**WORD**

**"Sapagkat ito ang sinasabi ng Panginoon, ang Diyos ng Israel, 'Hindi mauubusan ng harina ang iyong mangkok at hindi mauubusan ng langis ang iyong banga.'"**

**1 Hari 17:14**

**WHAT** *What does the Bible say?*

Ang biyuda ng Sarepta ay nasa kahulihulihang tulo na ng kanyang langis at sukat ng harina noong panahon ng taggutom, ngunit pinili siya ng Diyos na panandaliang magbigay kay Elias imbis na ipadala ito sa mga mas may kaya. Sa bandang huli, nakatanggap siya ng panghabangbuhay na paglalaan pati na ang kanyang pamilya. Ano ang itinuturo sa atin ng kwentong ito?

- **Inilalagay tayo ng Diyos sa Kanyang layunin.**

  *"Pumunta ka sa Sarepta sa Sidon, at doon ka manirahan. May isang biyuda roon na inutusan kong magpakain sa iyo."*

  1 Hari 17:9

  Ang biyuda na nasa gitna ng "lugar ng kalaban" ay may matinding pangangailangan at nasa dulo na ng kanyang kakayahan. Ngunit sinabihan siya ng Diyos na tulungan si Elias. Sa pagsagawa nito, sumalungat ang Diyos sa normal at inilagay siya sa lugar ng makapangyarihang pagtatagpo na nakakapagpabago ng buhay! Kailan ka huling tinawag na gawin ang isang bagay na hindi mo lubos naiintindihan ngunit nagpapasalamat kang ginawa mo pa rin? Ano ang nangyari?

- **Inilalagay tayo ng Diyos upang sumunod ng may pananampalataya.**

  *[13]Sinabi ni Elias sa kanya, "Huwag kang mag-alala. Umuwi ka at gawin ang sinabi mo. Pero ipagluto mo muna ako ng maliit na tinapay mula sa natirang harina, at dalhin mo agad ito sa akin. Pagkatapos, magluto ka rin para sa iyo at sa anak mo. [14]Sapagkat ito ang sinasabi ng Panginoon, ang Diyos ng Israel, 'Hindi mauubusan ng harina ang iyong mangkok at hindi mauubusan ng langis ang iyong banga.'"*

  1 Hari 17:13,14

  Si Elias at ang biyuda ay parehong tumugon ng may pananampalataya at pagsunod sa sitwasyong ito—sinunod ni Elias ang Diyos na hingan ng paglalaan ang biyuda kahit na alam niya ang kanyang sitwasyon at kakayahan at ang biyuda naman ay naniwala sa pangakong sinabi sa kanya ni Elias at naglaan para sa kanya. Ang kanilang hakbang ng pananampalataya ay nagbigay-daan sa kanila upang maranasan ang milagrosong paglalaan ng Diyos. Bakit kailangan nating bagayan ng paggalaw ang ating pananampalataya (Santiago 2:18-24)?

- **Inilalagay tayo ng Diyos upang tumanggap ng Kanyang paglalaan.**

  *Lumakad ang babae at ginawa niya ang sinabi ni Elias. Kaya may pagkain araw-araw para kay Elias, at para sa biyuda at sa kanyang anak.*

  1 Hari 17:15

  Bago pa man pinadala ng Diyos si Elias upang hingan ng paglalaan ang biyuda, alam na Niya kung ano ang mangyayari. Sigurado na ang Kanyang plano—palagi Siyang handa. Bakit tayo walang dahilan upang magduda o matakot sa pag-alam natin ng katotohanang ang Diyos ang may hawak sa ating mga sitwasyon?